



GABAY SA KAHANDAAN NG PAMILYA



Cal OES
GOVERNOR'S OFFICE
OF EMERGENCY SERVICES

*Isang Gabay
para sa Kahandaan ng
Pamilya sa Pamilya*

Ang Gabay na Ito Pagmamay-ari ni:

Panimula sa Gabay sa Kahandaan ng Pamilya

Ang California ay isa sa mga estadong may dibersidad pagdating sa ating mga mamamayan, lupain, likas na yaman, at panahon, na nangangahulugan din na tayo ay mayroong mga pinaka-may dibersidad na uri ng mga likas na panganib kabilang ang mga wildfire (matitinding sunog sa mga kagubatan at kakahuyan), baha, lindol, tsunami, at oo, maging mga bulkan. Ang mga panganib na ito ay maaaring patuloy na maging banta sa ating mga komunidad at lubos na makakaapekto sa ating buhay kapag sumalanta ang sakuna.

Para sa maraming komunidad, ang 2017 hanggang 2020 ang mga taong may pinakamaraming sakuna. Kabilang sa mga sakuna ang tagtuyot, mga pagbaha, mga wildfire, mga pagguho ng putik, isang lindol, mga pagkawala ng kuryente, at ang pandaigdigang pandemyang COVID-19. Noong 2017, pagkatapos ng anim na taon ng wala pang katulad na mga kondisyon ng tagtuyot, nakaranas ang California ng labis-labis na pag-ulan na nagresulta sa paglikas ng 188,000 katao dahil sa pagpalya ng Oroville Dam spillway. Sa bawat taon, ang mga wildfire ay patuloy na lumalaki, lumalala, at maraming acre ang nasusunog. Noong 2018, ang mga wildfire sa California pumatay sa mahigit 120 katao, sumira sa mahigit 22,700 estruktura, at sumunog sa mahigit 1.8 milyong acre. Halos pinatag ng pinakanakamamatay na wildfire ng California ang buong bayan ng Paradise, na pumatay sa 86 na katao. Noong Hulyo ng 2019, 6.4 na magnitud na pagyanig bago ang lindol at 7.1 na magnitud ng lindol ang sumalanta malapit sa Ridgecrest—ang pinakamalakas na lindol sa California sa halos 20 taon. Noong 2020, anim sa 20 pinakamalaking wildfire sa kasaysayan ng California ang nangyari na sumira sa mahigit 2.6 milyong acre.

Ang mga sakuna ay isa nang kapag, hindi kung. Hinihiling namin sa iyo at sa iyong pamilya na magkasamang pag-aralan at sagutan ang Gabay na ito upang makapaghanda kayo nang mas mabuti para sa pagsalanta ng sakuna. Itabi ito sa karaniwang lugar nang sa gayon ay nakahanda ito sakaling magkaroon ng sakuna. Pana-panahong i-update at pag-aralan ang gabay na ito upang matiyak ang kawastuhan. Kung ikaw o ang iyong pamilya ay may mga suliranin sa pag-access o paggalaw o bahagi ng bulnerableng populasyon (gaya ng pagkakaroon ng suliranin sa paningin, pandinig, o paggalaw), mangyaring isama ang mga ito sa iyong mga paghahanda.

Tatalakayin sa gabay na ito ang:

- Mahalagang impormasyon tungkol sa iyo, sa iyong pamilya, sa iyong mga alagang hayop, at sa iyong komunidad
- Paghahanda sa Bahay
- Paghahanap ng Masisilungan at mga Paglikas
- Mga Karaniwang Panganib
- Mga Supply
- Mga Magagamit na Mapagkukunan



Ang Aking Pamilya/Mga Miyembro ng Sambahayan

Pangalan: Address:
Telepono sa Bahay:
(Mga) Cell Phone:
Email:
Pangalan ng Doktor:
Telepono ng Doktor:
(Mga) Medikal na Kondisyon:
Medikal na Kagamitan:
Mga Allergy:
(Mga) Gamot:

Pangalan: Address:
Telepono sa Bahay:
(Mga) Cell Phone:
Email:
Pangalan ng Doktor:
Telepono ng Doktor:
(Mga) Medikal na Kondisyon:
Medikal na Kagamitan:
Mga Allergy:
(Mga) Gamot:

Pangalan: Address:	Pangalan: Address:
Telepono sa Bahay:	Telepono sa Bahay:
(Mga) Cell Phone:	(Mga) Cell Phone:
Email:	Email:
Pangalan ng Doktor:	Pangalan ng Doktor:
Telepono ng Doktor:	Telepono ng Doktor:
(Mga) Medikal na Kondisyon:	(Mga) Medikal na Kondisyon:
Medikal na Kagamitan:	Medikal na Kagamitan:
Mga Allergy:	Mga Allergy:
(Mga) Gamot:	(Mga) Gamot:

Tandaan: Iba-iba ang laki ng mga pamilya kaya't gumawa ng maraming kopya kung kailangan upang isama ang mga maaaring hindi mo kasambahay ngunit maaaring mangailangan ng iyong tulong sa paglikas.

Ang Aking Mga Alagang Hayop

Pangalan:
Uri at Breed ng Alagang Hayop:
Microchip #:
Impormasyon ng Beterinaryo:
(Mga) Medikal na Kondisyon:
(Mga) Gamot:

Pangalan:
Uri at Breed ng Alagang Hayop:
Microchip #:
Impormasyon ng Beterinaryo:
(Mga) Medikal na Kondisyon:
(Mga) Gamot:

Pangalan:
Uri at Breed ng Alagang Hayop:
Microchip #:
Impormasyon ng Beterinaryo:
(Mga) Medikal na Kondisyon:
(Mga) Gamot:

Pangalan:
Uri at Breed ng Alagang Hayop:
Microchip #:
Impormasyon ng Beterinaryo:
(Mga) Medikal na Kondisyon:
(Mga) Gamot:

Tandaan: Kung mayroon kang mas higit pang mga alagang hayop/hayop kaysa sa ipinagkaloob na espasyo, gumawa ng kopya ng papel na ito kung kailangan. Maaaring magamit ito sa paghahanap ng masisilungan para sa mga hayop sa panahon ng sakuna, lalo na ang mga pambukid na hayop.

Aking mga Kontak sa Panahon ng Emerhensya

Tukuyin ang mga kontak sa panahon ng emerhensya. Ang mga ito ay maaaring lokal na pamilya at mga kaibigan o mga hindi mo kasambahay na maaari mong kontakin sa panahon at pagkatapos ng sakuna.

Sa panahon ng emerhensya, maaaring mapuspos ang mga serbisyo ng telepono/cellular, kaya ang pagkontak sa mga nasa labas ng lugar ay maaaring mas madali. Isaalang-alang ang pag-text kapag posible at ligtas na gawin ito.

Kung nangangailangan ka ng tulong sa paglikas o paghahanap ng masisilungan, gumawa ng kopya ng pahinang ito at ilista ang pamilya, mga kapitbahay, o mga kaibigan na maaaring kailanganing makontak para matulungan ka.

Kontak sa Panahon ng Emerhensiya

Pangalan:

Address:

Telepono sa Bahay:

Cell Phone:

Email:

Kontak sa Panahon ng Emerhensiya

Pangalan:

Address:

Telepono sa Bahay:

Cell Phone:

Email:

Kontak sa Panahon ng Emerhensiya (Sa Labas ng Lugar)

Pangalan:

Address:

Telepono sa Bahay:

Cell Phone:

Email:

Aking mga Rekord

Ang paghahanda sa mahahalagang dokumento at rekord ay makakatipid sa iyo ng oras at sakit ng ulo pagkatapos ng sakuna. Mahalagang kolektahin, gumawa ng kopya, at itabi ang iyong mga rekord sa isang ligtas na lugar. Maging handa sa pagdala sa mga ito sakaling lilikas.

Mga Litrato (Photographs): Kunan ng litrato ang bawat isa, kabilang ang iyong mga alagang hayop. Ang mga litrato mo at ng mga miyembro ng iyong pamilya kamakailan ay makakatulong sa mga tagarespondeng hanapin ang mga mahal sa buhay sakaling mapahiwalay kayo. Siguraduhing kinukunan ng mga litrato ang iyong mga ari-arian at mahahalagang pag-aari upang makatulong sa mga claim sa insurance sakaling masira o mawasak ang mga ito.

Mga Personal na Rekord (Personal Records): Magkaroon ng mga kopya ng personal na pantukoy na impormasyon gaya ng mga lisensya sa pagmamaneho, pasaporte, mga rekord ng kapanganakan, imigrasyon/naturalisasyon, impormasyon ng social security, mga dokumento ng kasal/diborsyo, titulo/kasulatan, pagpaparehistro ng sasakyan/bangka, at bilang panghuli, isang imbentaryo ng iyong mga pag-aari.

Mga Rekord na Pampinansyal (Financial Records): Panatilihin ang mga rekord na gaya ng mga polisa ng insurance, rekord ng investment, impormasyon sa buwis, sweldo o pahayag ng benepisyo ng employer, at anumang mga will, trust o mga pinansyal/medikal na power of attorney. Upang madagdagan ang kaalaman tungkol sa pinansyal na kahandaan, mangyaring bumisita sa www.ready.gov/financial-preparedness.

Mga Computer/Digital File: Kung nagtatabi ka ng anumang mga pinansyal o personal na rekord sa mga computer o digital file, regular na i-update ang mga ito upang matiyak ang kawastuhan ng impormasyon. Itabi ang mga litrato at video ng iyong pamilya at regular na i-backup sa isang cloud storage service o sa mga hiwalay na storage device upang mapanatiling ligtas ang mga ito.

Seguro (Insurance): Siguraduhing may saklaw ang iyong tirahan, ari-arian at mga pag-aari sa panahon ng sakuna. Alamin sa iyong (mga) insurance provider upang makita kung ano ang saklaw at kung ano ang hindi saklaw o anumang makukuhang mga uri ng saklaw na maaaring partikular sa panganib sa iyong lugar. Dalhin ang mga kopya ng anumang saklaw sa kalusugan, tirahan, o sasakyan/bangka.

Ligtas na Mapagtatabihan (Safe Storage): Isaalang-alang ang pamumuhunan sa madadala, matibay na lalagyan at device na mapagtatabihan na idinisenyo upang makayanan ang mga panganib na sunog at tubig upang mapanatiling ligtas ang iyong mga dokumento. Isa pang opsyon ang pagpili ng cloud storage service para sa iyong mga file. Siguraduhing mayroong sapat na mga proteksyong cybersecurity para mapanatiling ligtas ang iyong impormasyon.

Sa susunod na seksyon, **Ang Aking Tirahan (My Home)**, nagkaloob kami sa iyo ng espasyo upang iguhit ang floor plan ng iyong tirahan upang magtalaga ng mga lugar na paglilikasan, lokasyon ng mga bagay na pangkaligtasan gaya ng mga first aid kit o fire extinguisher (pamatay-sunog), pati na rin ang mahahalagang pagpatay sa utilidad.



Ang Aking Tirahan (My Home)

Lumikha ng plano ng paglikas sa iyong tirahan sa panahon ng emerhensya. Kung naninirahan ka sa isang tirahang may maraming palapag o gusaling apartment, alamin ang ligtas na paraan ng paunang pagpunta sa ibaba. Isaalang-alang ang mga pangangailangan ng maliliit na bata at mga may limitadong mobilidad. Alamin ang lokasyon ng pagpapatayan ng utilidad at alamin kung paano papatayin ang mga ito sakaling may tulo/singaw o pagkasira. Mag-ingat kapag papatayin ang mga utilidad dahil ang bawat isa ay may sariling panganib at gawin lamang ito kapag kailangang-kailangan.

Mga bagay na isasaalang-alang:

- Maglagay at magpanatili ng mga smoke at carbon monoxide detector sa bawat palapag ng iyong tirahan at regular na i-test ang mga ito upang matiyak ang tamang paggana. Maglagay ng mga alarm na nagba-vibrate at mga visual smoke detector kung ikaw o ang iyong mga mahal sa buhay ay may kahirapan sa paningin o pandinig.
- Isama ang kakailanganin mo para makalabas sa mga bintana at pinto at siguraduhing isinasaalang-alang at pinaplano ang mga safety bar o mga lock sa bintana.
- Magtalaga ng hindi bababa sa dalawang (2) lugar na pagtitipunan sakaling mapahiwalay ka o ang iyong pamilya sa panahon ng sakuna: Isa sa labas ng iyong tirahan na malayo sa anumang mga kagyat na panganib, at ang isa pa ay mas malayo sa labas ng lugar na paglilikasan.
- Tumukoy ng maraming rutang paglilikasan mula sa iyong komunidad. Maaarang maharangan o masira ang mga daan kaya't alamin sa mga lokal na tagapamahala ng emerhensya o mga alert sa emerhensya para makakuha ng pinakabagong impormasyon sa daan.

Mag-imbentaryo sa iyong tahanan: Alamin kung saan matatagpuan ang mga sumusunod:

- 1) Patayan ng Gas Valve: _____
- 2) Patayan ng Water Valve: _____
- 3) (Mga) Electric Panel: _____
- 4) Garage Door Manual Override: _____
- 5) (Mga) Fire Extinguisher: _____
- 6) (Mga) Kit na Pang-emerhensya/First Aid Kit: _____

Ang Aking Floor Plan

Sa espasyong ibinigay sa ibaba, gumamit ng lapit at gumuhit ng isang floorplan ng iyong tirahan/ari-arian. Siguraduhing isinasama ang mga lokasyon ng mga pinto, bintana, at pangharang gaya ng mga bakod o palumpong. Isama ang mga smoke detector, patayan ng utilidad para sa tubig, gas at kuryente, anumang (mga) fire extinguisher, at mga kit na pang-emerhensya/first aid kit. Pag-aralan ang iyong tirahan at maging pamilyar sa mga lugar/rutang paglilikasan at kung ano ang gagawin sakaling may mga hadlang na makakapigil sa ligtas na paglabas. Kung naninirahan ka sa isang tirahang may maraming palapag, gumawa ng maraming kopya ng pahinang ito para sa bawat palapag kung kailangan.

Tingnan ang halimbawa sa susunod na pahina para sa mga ideya sa kung paano gagawan ng mapa ang iyong floor plan.

Address: _____


Palapag: _____

Back of Home			
Front of Home			
	Fire Extinguisher		Carbon Monoxide Detector
	Smoke Detector		First Aid Kit
	Electrical Breaker		Water Shutoff
	Gas Shutoff		Escape Route

Halimbawa:

Address: 123 Main Street, Anonymousville, CA 90000

Palapag: 1 ng 1



Ang Aking Komunidad

Sa mga linya sa ibaba, sagutan ang pangalan, numero ng telepono ng tagapagkaloob, at/o (mga) numero ng account sa iyong mga lokal na pampublikong serbisyo at (mga) numero ng polisa ng iyong mga insurer. Beripikahin sa iyong lokal na tanggapan ng bumbero at tagapagpatupad ng batas kung aling istasyon ang naglilingkod sa iyong lugar.

Tandaan: Kung ikaw o ang iyong pamilya ay nasa kagyat na panganib, i-dial ang **9-1-1**.

Lokal na Fire Department (Kagawaran ng Bumbero):

☐ Hindi Pang-emerhensyang Numero ng Telepono: _____

Lokal na Tanggapan ng Tagapagpatupad ng Batas: _____

☐ Hindi Pang-emerhensyang Numero ng Telepono: _____

(Mga) Paaralan ng mga Bata: _____

Pangunahing Ospital: _____

Tagapagkaloob ng Utilidad ng Kuryente: _____

Tagapagkaloob ng Utilidad ng Gas: _____

Tagapagkaloob ng Utilidad ng Tubig: _____

Tanggapan ng Pagkontrol ng Lason: _____

Tagapagkaloob ng Medical Insurance (Medikal na Seguro): _____

☐ Polisa #: _____

Institusyon ng Pagbabangko/Pinansyal: _____

Tagapagkaloob ng Insurance sa mga May-ari ng Tirahan/Nangungupahan: _____

☐ Polisa #: _____

Mga Partikular na Saklaw ng Insurance:

☐ Polisa sa Lindol #: _____

☐ Polisa sa Baha #: _____

☐ Polisa sa Sunog #: _____

Tagapagkaloob ng Insurance sa Awto/Sasakyan: _____

☐ Polisa #: _____

Mga Alert at Babala

Sa anumang sakuna, maaaring maging mahalaga ang mga alert at babala sa pagligtas ng buhay. Sa buong estado, ang mga opisyal ng gobyerno ay nagbibigay ng mga alert at babala sa maraming paraan ng pagbibigay ng impormasyon sa komunidad. Upang maunawaan nang mabuti ang kaibahan sa pagitan ng isang alert at ng isang babala, mangyaring tingnan ang mga depinisyon sa ibaba:

- Ang isang **pampublikong alert** ay isang komunikasyong nilalayan upang makuha ang atensyon ng publiko sa isang katangi-tanging sitwasyon at bigyan lalo ng kaalaman ang indibidwal.
- Ang isang **pampublikong babala** ay isang komunikasyong nilalayan upang hikayatin ang mga miyembro ng publikong gumawa ng isa o higit pang pumuprotektang aksyon upang mabawasan ang mga pagkawala o pinsala.

Ang mga alert at babala ay maaaring ipaalam sa iba't ibang paraan para isama ang mga Wireless Emergency Alert (WEA), Emergency Alert Systems (EAS), mga sistema ng serbisyo sa panahon, karatula sa daan, platform sa social media, radyo, at telebisyon. Samakatuwid, isa sa pinakamahuhusay na paraan para manatili kang may kaalaman ay ang mag-subscribe sa mga lokal na sistema ng alert at babala sa iyong lungsod/county.



Isang mabilis at madaling paraan para mag-sign up para sa mga Wireless Emergency Alert ay ang pagbisita sa [CalAlerts.org](https://calalerts.org), hanapin ang iyong county, at mag-subscribe. Ang serbisyong ito ay inihahandog nang libre at hindi ibibilang sa mga limit sa pagte-text sa iyong wireless plan.

Bukod sa mga sistema ng alert na binanggit sa itaas, ang ilang sakuna ay may mga partikular na sistema ng alert at babala na maaaring makatulong sa iyo sa paghahanda at pagkakaroon ng reaksiyon sa sakuna gaya ng lindol, tsunami, o aktibidad ng bulkan.

- **Mga lindol:** I-download ang [MyShake™](#) Early Warning App. Magpapadala ang app ng mga alert kapag ang pagyanig ay nakakawasak pagkatapos ng lakas ng lindol na 4.5. Ipapadala sa lahat ang alert ay makakaranas ng intensidad na 3 (mahinang) pagyanig.
- **Mga tsunami:** Mag-sign-up sa mga Tsunami alert sa pamamagitan g National Tsunami Warning Center (NTWC) sa: <https://www.tsunami.gov>.
- **Mga bulkan:** Mag-sign up para sa mga alert sa aktibidad ng bulkan sa pamamagitan ng [Serbisyo ng Notipikasyon sa Bulkan](#) ng USGS. Ito ay isang libreng serbisyong magpapadala sa iyo ng mga email na notipikasyon tungkol sa aktibidad ng bulkan na nangyayari sa mga bulkang sinusubaybayan sa Estados Unidos.

Sa susunod na seksyon, tatalakayin natin ang kung paano makakaapekto sa iyo at sa iyong pamilya ang mga pang-emerhensyang alert at babala.

Kailan Mananatili taliwas sa Kailan Aalis

Depende sa sakuna, maaaring kailanganin mong **Manatili sa Sinisilungan (Shelter-in-Place)** o **Lumikas (Evacuate)**. Kaya mahalagang malaman ang mga emerhensya sa iyong lugar sa pamamagitan ng pag-subscribe sa emergency alert and warning system (sistema ng pagbibigay ng anunsyo at babala sa emerhensya) ng iyong county. Ang (mga) alert at warning system ay makakatulong sa iyo sa iyong pagpapasyang **Manatili sa Sinisilungan** o **Lumikas**.

Nangyayari ang **Pananatili sa Sinisilungan (Shelter-in-Place)** kapag ang mga kondisyon ay nag-aatas sa iyong humanap ng proteksyon sa iyong tirahan, lugar na pinagtatrabahuhan/negosyo, o iba pang mga lokasyon. Kabilang sa mga dahilan ng paghahanap ng masisilungan ang kemikal/nagdudulot ng polusyon sa hangin, sa panahong lindol, malakas na buhawi o bagyo, at mga banta ng aktibong namamaril.

Upang epektibong **Makapanatili sa Sinisilungan**, dapat mo munang isaalang-alang ang panganib at pagkatapos ay pumili ng lugar sa iyong tirahan o gusali na ligtas para sa panganib na iyon.

Kung binilinan ng mga opisyal sa emerhensya na **Manatili sa Sinisilungan**, dapat mong:

- Agad na papasukin ang iyong pamilya at mga alagang hayop.
- Subaybayan ang mga istasyong nagbobroadcast ng emerhensya upang manatiling may kaalaman.
- Kung kailangan, i-lock ang mga pinto at bintana.
- Kung kailangan ang pagseselyado, gamitin ang duct tape at plastik para selyuhan ang mga pintuan, air vent (lagusan ng hangin), saksakan ng kuryente, bintana, at fireplace damper (sarahan ng tsimineya). I-off ang air conditioning, mga forced-air heating system, mga exhaust fan, mga ceilings fan, at mga dryer para sa damit. Takpan ang espasyong nasa ilalim ng pinto gamit ang basang tuwalya.
- Kung nasa paaralan ang iyong mga anak, huwag silang sunduin maliban kung hiniling na gawin ito, dahil sila ay maaaring **Nananatili sa Sinisilungan (Sheltering-in-Place)** hanggang sa palabasin sila ng mga opisyal ng emerhensya.

Nangyayari ang **mga Paglikas (Evacuation)** kapag ang kasalukuyang kapaligiran ay naging napakamapanganib na hindi na ligtas ang Pananatili sa Sinisilungan. Ang mga sakunang gaya ng wildfire, mga pagbaha, lindol, tsunami, at pagputok ng bulkan ay maaaring mangailangan ng paglikas mula sa lugar na itinuturing na hindi ligtas.

Karaniwang nangyayari ang mga paglikas sa dalawang paraan, una sa pamamagitan ng **Babala ng Paglikas (Evacuation Warning)** (boluntaryo/impormasyong ibinigay) o pangalawa, sa pamamagitan ng isang **Utos ng Paglikas (Evacuation Order)** (iniuutos). Maglalabas ng babala o utos ang mga lokal na ahensya ng tagapagpatupad ng batas kung kailangan ito sa sitwasyon. Kung naniniwala kang maaaring nakompromiso ang iyong kaligtasan, lumikas nang maaga. Hindi na kailangang maghintay ng babala ng paglikas o utos na umalis. Ang mga Evacuation Warning (Babala sa Paglikas) at Evacuation Orders (Utos ng Paglikas) ay maaaring mag-iba depende sa iyong hurisdiksyon kaya alamin sa iyong lokal na tanggapan ng tagapagpatupad ng batas para sa higit pang impormasyon.

- **Babala ng Paglikas (Evacuation Warning):** Ito ang panahong maghahanda sa iyo, iyong pamilya, at iyong mga alagang hayop na umalis. Ito ay karaniwang isang boluntaryong utos na ibinigay kapag naniniwala ang mga opisyal ng emerhensya na ang sakuna o ang mga epekto nito ay maaaring umabot sa iyong lugar. Dapat seryosohin ang mga ito dahil maraming salik ang maaaring makaapekto ng pagkalat ng isang insidente. Kung mayroon kang anumang mga pangangailangan sa pag-access at pagganap, gaya ng mga suliraning medikal o sa paggalaw, dapat kang maghandang umalis sa oras na ilabas ang Babala ng Paglikas.

- **Utos ng Paglikas (Evacuation Order):** Ito ang opisyal na utos na lumikas dahil umaabot sa iyong lugar ang sakuna. Dapat seryosohin ang mga utos na ito dahil ang hindi pagsunod sa isang utos ng paglikas ay naglalagay sa panganib sa hindi kinakailangang paraan sa buhay mo, ng iyong pamilya at ng mga tagaresponde sa emerhensya. Maaari ka lamang bumalik sa iyong tirahan kapag binawi na ang utos ng paglikas.


Ang mga babala at utos ng paglikas ay maaaring mangyari sa anumang oras. Pagtuunan ng pansin ang mga palatandaan ng paglikas at mga tauhan ng emerhensya gaya ng tagapagpatupad ng batas o mga opisyal ng sunog dahil maaari nilang idirekta ang trapiko palabas ng lugar ng paglilikasan.

Ang ilang hurisdiksyon ay magtatatag ng mga lugar ng pagtitipunan kung saan maaaring magsama-sama ang mga tao at gamitin ang pampublikong transportasyon para lumikas. Alamin sa iyong lokal na tanggapan ng pamamahala ng emerhensya o mga unang tagaresponde para sa higit pang impormasyon.

Bilang panghuli, kung mayroon kang mga anak na pumapasok sa paaralan, alamin ang mga patakaran at plano sa emerhensya ng paaralan, at pagpasyahan kung sino ang susundo sa iyong mga anak kung hindi mo ito magagawa sa panahon ng insidente.

Ano ang Gagawin Bago ang Paglikas:

- Mag-sign up para sa mga anunsyong pang-emerhensya (emergency alert) mula sa mga lokal na opisyal o iyong mga lokal na istasyon ng balita/radyo. I-download ang [App sa Maagang Babala sa Lindol ng MyShake \(MyShake Earthquake Early Warning app\)](#) sa web page ng [CalAlerts](#).
- Pagpasyahan kung saan kayo pupunta kung dapat kayong umalis at planuhin ang inyong mga ruta at destinasyon.
 - Paano kayo makakarating doon? Mayroon ba kayong sapat na transportasyong masasakyan o kailangan ba ninyo ng tulong sa paglikas?
 - Mapapatuloy ba kayo at ang iyong mga alagang hayop ng mga lugar na iyon?
- Lumikha ng komunikasyon ng pamilya/sambahayan at plano ng muling pagsasama-sama sa kaso ng pagkakahiwalay.
- Alamin sa iyong mga kapitbahay at mga mahal sa buhay na maaaring mangailangan ng tulong sa paglikas.
- Tiyakin na ang (mga) paaralan ng iyong mga anak ay mayroong ini-updata na iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan at italaga sa iba ang pagsundo sa iyong mga anak kung wala ka.
- Bumuo ng iyong "go-kit" at likumin ang mga kailangang supply gaya ng pagkain, tubig, mga gamot/medikal na kagamitan kung kailangan, mga baterya, at mga damit.
- Panatilihin ng puno naka-charge ang mga mobile phone at iba pang kagamitang de-kuryente at puno ang tangke ng gasolina.
- Subaybayan ang mga radyo, telebisyon, o iba pang mga aparato sa mga pagmumulan ng balita para sa mga update at manatiling may kaalaman.
- Kunan ng mga litrato/video ang iyong tirahan at ari-arian bago ka umalis kung may oras pa.



Sa Panahon ng Paglikas:

- Makinig sa mga istasyong nagbobroadcast ng emerhensya sa pamamagitan ng radyo o internet para sa mga update. Alamin on-line o i-dial ang **2-1-1** kung mayroon nito sa iyong lugar.
- Kung pupunta ka sa isang masisilungan (shelter), makipag-ugnay sa iyong mga lokal na unang tagaresponde o tagapamahala sa emerhensya para maghanap ng masisilungan.
- Alamin sa mga social media page ng iyong lokal na tanggapan ng pamamahala ng emerhensya dahil sila ay magpo-post ng mga alert at impormasyon.
- Dahil ang iyong mga supply na pang-emerhensya o "go-kit."
- Dalhin ang iyong mga alagang hayop at mga supply para sa alagang hayop.
- Kung may oras pa, ipaalam sa mga kamag-anak na nasa labas ng lugar/estado ang tungkol sa inyong plano, kung saan kayo pupunta, at kung kailan ninyo pinaplanong dumating.
- Isaalang-alang ang pag-iwan ng talang nagbibigay-kaalaman sa iba kung kailan kayo umalis at kung saan kayo pupunta.
- Magsuot ng matitibay na sapatos at damit na magpoprotekta sa inyo sa panahon o mga panganib.
- Alamin kung sakaling kailangan ng inyong mga kapitbahay ang tulong.
- Sundin ang mga inirerekomendang ruta palabas ng lugar.

Pagkatapos ng Paglikas:

- Padalhan ng mga mensahe ang mga nasa iyong listahan ng kontak, mga kaibigan, at pamilya para ipaalam sa kanilang dumating kayo nang ligtas sa iyong destinasyon.
- Kung pupunta kayo sa isang masisilungan, ipaalam sa mga tagapamahala ng masisilungan. Magbibigay sila ng listahan ng mga amenidad o serbisyo sa lokasyong iyon.
- Pakinggan ang mga awtoridad upang malaman kung kailan ligtas na bumalik.



Pag-uwi:

- Makipag-ugnay sa iyong lokal na tanggapan ng tagapagpatupad ng batas upang malaman kung kailan ligtas na umuwi.
- Kung ang iyong tirahan ay nasira o nawasak, tandaan na ang mga panganib na na estruktural at hindi estruktural at lubos na mag-ingat sa paligid ng mga puno, poste ng kuryente at linya ng kuryente, at iba pang matataas na bagay o estrukturang maaaring mawalan ng katatagan.
- Magsuot ng inirerekomendang personal na pumuprotektang kagamitan (PPE, personal protective equipment) kapag naghahanap sa debris ng mga personal na kagamitan upang mabawasan ang pagkahantad sa mga nakakasamang partikulo.
- Ang mga tagapagkaloob ng utilidad ay maaaring maglabas ng mga abisong magpakulo ng tubig na nagbibigay ng tagubilin sa mga tirahan na hindi ligtas na inumin ang tubig sa gripo at kakailanganing pakuluan bago gamitin.

- Idokumento at kunan ng mga litrato ang anumang pagkasira sa ari-arian, mag-imbentaryo sa iyong tirahan/ari-arian para sa mga bagay na nawala at nasira, at makipag-ugnay sa tagapagkaloob ng iyong insurance para sa tulong.
- Sa kaso ng mga pagkawala ng kuryente, maaaring napanis ang pagkain. **Itapon kapag nagdududa! (When in doubt, throw it out!)** Itapos ang mga frozen na pagkain na nahantad sa mga temperaturang 40 degrees o mas mataas pa ng dalawang oras o higit pa, o may kakaibang amoy, kulay, o tekstura. Kabilang dito ang pagtatapon ng anumang gamot na dapat naka-refrigerate maliban kung iba ang sinasabi ng label ng gamot. Kung ang buhay ay nakadepende sa mga gamot na naka-refrigerate, kumonsulta sa doktor o parmasyutiko.
- Kung kailangan, makipag-ugnay sa iyong lokal na tanggapan ng pamamahala sa emerhensya upang malaman ang tungkol sa maaaring makuhang anumang tulong sa pabahay o pagbangon.

Para sa mga walang matatawag na tirahan

- Makipag-ugnay sa iyong lokal na tanggapan ng social services (mga serbisyong panlipunan) upang matulungan kang makabangon.



Alamin ang Iyong mga Panganib

Kanina, nabanggit naming mayroong iba't ibang uri ng mga panganib na maaaring makaharap ng iyong pamilya at dapat paghandaan. Sa seksyong ito, tatalakayin namin ang mga pinakakaraniwang likas na panganib na malamang na mangyari sa California.

Mahalagang tandaan na dapat kang makipag-ugnay sa iyong lokal na Office of Emergency Services at malaman kung anong mga panganib ang pinakalaganap sa iyong lugar.

Ang pag-subscribe sa mga alert at babalang pang-emerhensya ay magbibigay sa iyo ng kinakailangang panahon para maghanda ang iyong pamilya sakaling magkaroon ng emerhensya.

Ang internet mapping tool na Cal OES [MyHazards](#) ay para matuklasan ng pangkalahatang publiko ang mga panganib sa iyong lugar. Pinahihintulutan ka ng MyHazards na i-type ang iyong address, lungsod, o zip code at malaman kung anong mga panganib (lindol, baha, sunog, at tsunami) ang nasa iyong lugar. Sa pamamagitan ng pagtukoy sa iyong lokal na panganib, madadagdagan mo ang iyong kaalaman tungkol sa mga natural na sakuna at pagkatapos ay iakma ito sa iyong mga pagsusumikap na maghanda upang mabawasan ang iyong personal na panganib.

Cal OES **MyHazards** Cal OES My Location

Helping reduce your risks from natural hazards

Home Earthquake Risk Flood Risk Fire Risk Tsunami Risk All Risks

High Risk **Moderate Risk**

How does MyHazards work?

MyHazards is a tool for the general public to discover hazards in their area (earthquake, flood, fire, and tsunami) and learn steps to reduce personal risk. Using the MyHazards tool, users may enter an address, city, zip code, or may select a location from a map. The map targets the location, and allows users to zoom and scroll to their desired view. The screen then presents information on the risks identified within the search radius, and recommended actions. MyHazards website performs best when using Internet Explorer. Hazard Data is approximate and data layer visibility are subject to the extent of the Map.

Type in your address below to learn how to address natural hazards in your area.

California address

What Natural Hazards Impact Your Neighborhood?

Use this website to discover the hazards that exist in your area and learn how to reduce YOUR risk! Remember, the best way to recover from disasters is by reducing the risks before a disaster strikes.

Please note: This web site is for general purpose use only. Real estate disclosure information can be obtained from your local city or county government. See our disclaimer below for more information regarding the limitations of this web service..

The Purpose of MyHazards web site

We all understand that disasters will continue to occur throughout California. Hazard mitigation saves lives, preserves property, and protects the environment during times of disaster. MyHazards facilitates the identification of hazards by individuals, businesses, and local government.

© Copyright 2015 State of California [Conditions of Use](#) [Privacy Policy](#) [Contact Us](#) [Website Accessibility Compliance](#)



Mga Wildfire (Matitinding sunog sa mga kagubatan at kakahuyan):

Ang wildfire ay isang hindi naiplanong sunog, na sumusunog sa isang likas na lugar gaya ng gubat, damuhan, parang, at may potensyal na kumalat sa mga residensyal o pangkomersyong lugar. Ang mga wildfire ay maaaring:

- Wasakin ang mga tirahan at negosyo at magdulot ng malubhang pinsala o maging makatayan.
- Mangyari kahit saan, kahit anong oras. Lumalaki ang panganib sa mga kondisyon ng tagtuyot at malalakas na hangin.
- Gambalain ang mga linya ng transportasyon, gas, kuryente, at komunikasyon.
- Mabilis na kumalat sa lugar na may matataas ng konsentrasyon ng mga bagay na nagniningas gaya ng mga tuyong dahon, sanga, at damo.
- Pinahihintulutan ang mga бага na maglakbay sa malalaking distansya, simulan ang maliliit na sunog na milya-milya ang layo mula sa orihinal na lugar na may sunog.



Mga hakbang na maaari mong gawin upang maging handa sa mga wildfire:

- Tanggalin/itapos ang mga tuyo o patay na dahon, palumpungan, sanga, at puno mula sa palibot ng iyong tirahan/ari-arian para lumikha ng 100 talampakan ng mapoprotektahang espasyo.
 - Kabilang dito ang pagtanggap sa mga dahon at debros mula sa mga alulod, ambi, balkonahe o deck upang maiwasan ang pagliyab ng mga бага sa iyong tirahan.
- Alisin ang mga nasusunog na materya gaya ng panggatong o propane mula sa loob ng 30 talampakan ng iyong tahanan o gusali sa labasan.
- Siyasatin at ayusin ang mga tisa sa bubong o baldosa sa bubong upang maiwasan ang pagliyab ng mga бага sa bubong.
- Lumikas kapag inutusang lumikas, ito ay nagpapahintulot sa mga bumberong pasukin ang lugar nang walang hadlang, linawin ang mga daan, at tulungang mapanatili kang ligtas.
- Konektahin ang mga hose sa hardin at punan ng tubig ang anumang mga pool, hot tub, lalagyan ng basura, tub o iba pang malalaking lalagyan, dahil alam na ginagamit ng mga bumbero ang makukuhang tubig para patayin ang apoy.

Pumunta sa webpage na [Ready for Wildfire](#) ng Cal Fire para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga wildfire, kahandaan, at mga paglikas.



Pagbaha (Pagbaha)

Ang pagbaha ay pansamantalang pag-apaw ng tubig sa lupa na karaniwang tuyo. Ito ay karaniwang sanhi ng ulan, niyebe, bagyo sa baybayin, pagbulusok ng bagyo, at mga pag-apaw ng mga dam at iba pang mga sistema ng tubig. Ang pagbaha ay pangalawa sa pinakanakakasirang panganib sa

Estado ng California. Maaaring mangyari ang mga pagbaha sa iba't ibang paraan na kinabibilangan ng mga pag-apaw ng ilog at batis, pagtaas ng dagat at pagbaha sa baybayin, mga tsunami, at maging hindi paggana ng dike o dam. Simula pa noong 1950, itinuring ang mga pagbaha bilang pinakamalaking pinagsamang mga pagkawala at malaking bilang ng mga pagkamatay. Ang bawat county ay nakakaranas ng ilang antas ng pagbaha, at ang bawat pagbaha ay nagdudulot ng ilang banta sa komunidad.

Alam mo ba na ang bawat county sa California ay idineklarang pederal na lugar ng sakuna ng pagbaha ng hindi bababa sa isang beses sa nakaraang 20 taon?

Ang mga pagbaha ay maaaring:

- Lumaki nang dahan-dahan o mabilis at maaaring mangyari nang walang babala gaya ng rumaragasang pagbaha (flash flooding).
- Magdulot ng mga pagkawala ng kuryente, gambalain ang transportasyon, sirain ang mga gusali, at lumikha ng mga landslide (pagguho ng lupa).
- Itulak nang pababa ang mga debris, sasakyan, at tirahan.

Ang [National Weather Service](#) (NWS) ay nagbibigay ng mga alert at babala tungko; sa mga lokal na bagyo at baha sa sumusunod na paraan:

Inilalabas ang **Babala sa Rumaragasang Pagbaha (Flash Flood Warning)** kapag paparating o nangyayari ang rumaragasang pagbaha. Kung ikaw ay nasa lugar na laging binabaha, agad na pumunta sa mataas na lugar. Ang rumaragasang pagbaha ay isang biglaang pag-agos ng baha na maaaring umagos mula sa ilang minuto hanggang ilang oras. Posible ring makaranas ng rumaragasang pagbaha sa mga lugar na hindi agad na nagkakaroon ng ulan.

Inilalabas ang **Babala sa Pagbaha (Flood Warning)** kapag paparating o nangyayari na ang mapanganib na panahon. Inilalabas din ang Babala sa Pagbaha din kapag paparating o nangyayari na ang pagbaha.

Inilalabas ang **Pagsubaybay sa Baha (Flood Watch)** kapag malamang na mangyayari ang partikular na mapanganib na panahon. Inilalabas ang Pagsubaybay sa Baha kapag malamang na mangyayari ang pagbaha. Ito ay hindi nangangahulugang magkakaroon ng baha, ngunit ito ay posible.



Inilalabas ang **Impormasyon sa Baha (Flood Advisory)** kapag ang partikular na panahon na inuulat na mangyayari ay maaaring maging isang sagabal. Inilalabas ang Impormasyon sa Baha kapag hindi inaasahang maging napakasama ng pagbaha para maglabas ng babala. Ngunit, maaari itong magdulot ng malaking abala, at kung hindi mag-iingat, maaari itong mauwi sa mga sitwasyong maaaring maging banta sa buhat at/o ari-arian.

Narito ang ilang hakbang na maaari mong gawin upang maging handa sa mga pagbaha:

- Isaalang-alang ang flood insurance (seguro sa baha) dahil karamihan ng mga polisa ng insurance ng may-ari ng tirahan ay hindi saklaw ang pagkasira sa baha.
- Iwasan ang pagpapatayo sa mga lugar na laging binabaha maliban kung maaari itaas o patibayin ang iyong tirahan.
- Panatilihin malinis ang mga storm drain (tubong daluyan ng tubig ulan). Kung laging binabaha ang iyong ari-arian, maghanda ng mga sako ng buhangin, plastik na sapin, at iba pang mga materyal na panlaban sa baha.
- Maglagay ng mga check valve sa mga daluyan ng alkantariya upang mapigilan ang pag-apaw ng tubig-baha sa mga alulod ng iyong tirahan.
- Huwag subukang takasan ang tumataas na baha sa pamamagitan ng pagpunta sa atik maliban kung makakapunta ka sa bubong, o ito lamang ang iyog opsyon.
- Selyaduhan ang mga dingding sa iyong basement (silong) gamit ang mga sangkap na laban sa tubig upang maiwasan ang pagtagas.
- Kung nagmamaneho, tandaan, [Bumalik, Huwag Malunod \(Turn Around Don't Drown®\)](#). Posibleng maanod ng 12 pulgadang rumaragasang tubig ang karamihan sa mga sasakyan.



Siguraduhing tinitingnan sa **National Weather Service** ang mga alert at babala tungkol sa mga lokal na babala sa bagyo at pagbaha.





Mga Lindol (Earthquake)

Ang lindol ay nangyayari kapag ang dalawang platong tektoniko ang umusad nang nasasaling ang bawat isa. Ang ibabaw ng Mundo ay binubuo ng maraming platong tektoniko. Ang California ay tahanan ng maraming fault line (linyang natatamaan ng lindol) na bahagi ng mga platong tektoniko sa Hilagang Amerika at Pasipiko. Umuusad araw-araw ang mga aktibong fault line na ito na nagdudulot ng

mga lindol na maaaring maramdaman sa buong California.

Sa kasalukuhan, walang tumpak sa teknolohiya para sa prediksiyon ng Lindol, ngunit ang mga sensor sa pagyanig ay inilagay sa mga lugar kung saan mas madalas na nagkakaroon ng mga lindol at maaaring magbigay ng impormasyon pagdating sa nauukol na magnitud at kumakalat sa loob ng ilang segundo. Ang pinakamahalagang impormasyon tungkol sa mga lindol ay na maaaring mangyari ang mga ito sa anumang oras at maaaring agad na magdulot ng pagkasira. Bigyan ang iyong sarili ng panahon para makapaghandang sa pamamagitan ng pag-download ng [App sa Maagang Babala sa Lindol ng MyShake \(MyShake™™ Earthquake Early Warning app\)](#)



Isa pang magagamit na mapagkukunan ay ang Earth Country Alliance na nagmumungkahi ng mga sumusunod na "Pitong Hakbang sa Kaligtasan sa Lindol":

1. Bigyan ng seguridad ang iyong espasyo sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga panganib at i-secure ang mga naiurong na bagay.
2. Planuhing maging ligtas sa pamamagitan ng paggawa ng planong pansakuna at pagpapasya kung paano kayo mag-uusap sa panahon ng emerhensya.
3. Ayusin ang mga supply para sa emerhensya sa mga kumbinyenteng lokasyon.
4. Bawasan ang kahirapang pinansyal sa pamamagitan ng pag-oorganisa ng mahahalagang dokumento, pagpapatibay sa iyong ari-arian, at pagsasaalang-alang ng insurance.
5. **Bumaba, Magkubli, at Humawak** kapag yumayanig.
6. Pagbutihin ang kaligtasan pagkatapos ng mga lindol sa pamamagitan ng paglikas kung kailangan, pagtulong sa napinsalaan, at pag-iwas sa higit pang mga pinsala o pagkasira.
7. Muling kumonekta at bumalik sa pang-araw-araw na pamumuhay sa pamamagitan ng muling pagkonekta sa iba, pagkukumpuni ng nasira, at muling pagbuo ng komunidad.

Kung gumagamit ka ng wheelchair o may iba pang mga kapansanan sa paggalaw at hindi **Makababa, Makakubli, at Makahawak, I-lock, Magkumbli, at Humawak**. Protektahan ang iyong ulo at leeg ng iyong mga braso at yumuko upang protektahan ang iyong sarili kung kaya mo. Isaalang-alang ang paghahanap ng masisilungan sa mga pasilyo sa loob, closet, o basement/celler na malayo sa salamin at bukas sa labas. Sa oras na humupa na ang pagyanig, lumipat sa mga lugar na mas ligtas at/o humingi ng tulong sa mga unang taga-respond.

Protect Yourself During Earthquakes!

**IF
POSSIBLE**



**USING
CANE**



**USING
WALKER**



**USING
WHEELCHAIR**



EarthquakeCountry.org/step5



Mga Tsunami

Ang tsunami ay isang alon, o maraming alon, na dulot ng lindol, pagguho ng lupa, pagputok ng bulkan, o maging isang malaking bulalakaw na bumagsak sa karagatan. Ang mga nagresultang alon ay lumalayo mula sa gitna patungo sa lahat ng direksyon hanggang sa umabot ito sa

mga lupa. Habang umaabot ito sa baybayin, tumataas ang tubig at bumabagal ang alon ng tinatayang 30 milya kada oras at higit na tumataas (lakas).

Ang salitang Hapon na tsu ay nangangahulugang "daungan" at ang nami ay nangangahulugang "alon."

Ang mga tsunami ay maaaring:

- Maglakbay sa bilis na mahigit 600 milya kada oras sa bukas na karagatan.
- Tumataas ng mahigit 50 talampakan kapag umaabot ang mga ito sa mababaw na baybayin.
- Sa California, ang pagtaas ng bahang tsunami ay iba-iba mula 3-50 talampakan sa baybayin.
- Nagdudulot ng pagbaha at ginagambala ang transportasyon, kuryente, komunikasyon, at supply ng tubig.
- Nangyayari kahit saan sa hanay ng mga baybayin ng Estados Unidos. Ang mga baybayin nakaharap sa Karagatang Pasipiko o Karibe ay may pinakamalalaking panganib.

Mga hakbang na maaari mong gawin upang maging handa sa mga tsunami:

- Mag-sign up sa mga Tsunami alert sa pamamagitan ng National Tsunami Warning Center (NTWC) sa <https://www.tsunami.gov>
- Alamin ang mga palatandaan ng paparating na tsunami gaya ng:
 - Malakas na pagyanig ng lupa mula sa lindol.
 - Mga hindi pangkaraniwang pagbabago sa antas ng dagat.
 - Isang kapansin-pansing mabilis na pagtaas o pagbaba ng mga tubig sa baybayin.
 - Hindi normal na malalaking alon dahil maaaring dumating ang mas malalaking alon.
- Upang makatakas sa isang tsunami, pumunta sa mataas at malayo palayo sa dagat hangga't maaari, pinakamainam na ang lokasyong hindi bababa sa 100 talampakan ang taas mula sa antas ng dagat o 2 milya ang layo mula sa baybayin.
- Kung naninirahan ka sa o malapit sa dalampasigan, lumikas: **HUWAG NANG MAGHINTAY PA! (DO NOT WAIT!)** Umalis sa oras na makita mo ang anumang mga natural na palatandaan ng tsunami o nakatanggap ka ng opisyal na babala sa tsunami.
- Alamin ang kaibahan sa pagitan ng Babala sa Tsunami at Pagsubaybay sa Tsunami.
 - Ang Babala sa Tsunami (Tsunami **WARNING**) ay nangangahulugang maaaring magkaroon ng tsunami at maaari itong malapit sa iyong lugar.
 - Ang Pagsubaybay sa Tsunami (Tsunami **WATCH**) ay nangangahulugang hindi pa nabeberipika ang tsunami ngunit maaaring mayroon nito at maaaring mas malapit sa isang oras ang layo.





Mga Bulkan (Volcanoes)

Ang bulkan ay isang butas sa pang-ibabaw na balat ng lupa na nagpapahintulot sa nagbabagang bato, mga gas, at debris na makalabas sa ibabaw. Ang California ay tahanan ng dose-dosenang bulkan kung saan tatlo sa mga ito ay nakalista bilang “Napakalaking Panganib (Very High Threat)”: Mount Shasta, Lassen Volcanic Center, at Long Valley Caldera. Kabilang sa mga bulkang nakalista bilang “Malaking Panganib (High threat)” ang Mono-Inyo Craters, Clear Lake Volcanic Field, Medicine Lake, at ang Salton Buttes. Ang mga pagputok ng bulkan, bagaman madalang sa estado, ay nagdudulot ng malubhang panganib sa kalusugan ng publiko sa pagbagsak ng abo at debris.

Ang [California Volcano Observatory](#) (CalVO), ay pederal na dibisyon ng U.S. Geological Survey (Pangheolohiyang Survey ng Estados Unidos), ay sumusubaybay sa mga bulkan sa buong estado na nagbibigay ng mga pang-araw-araw na ulat, pagtatasa, at kasaysayan ng aktibidad.

Ang mga bulkan ay maaaring:

- Kontaminahin ang mga supply ng tubig.
- Maglabas ng mga nakalalasong gas.
- Bawasan ang kalinawan ng tanawin sa pamamagitan ng abo/debris at mga nakasasamang gas.
- Gawing mahirap ang huminga at magdulot ng iritasyon sa balat, mga bata, ilong, at lalamunan.
- Sirain ang mga daan at imprastruktura habang umaagos ang lava.
- Magdulot ng mga wildfire at sunog sa estruktura.



Mga hakbang na maaari mong gawin upang maging handa sa mga bulkan:

- Mag-sign up para sa mga alert sa aktibidad ng bulkan sa pamamagitan ng Serbisyo ng Notipikasyon sa Bulkan ng USGS.
- Alamin kung saan matatagpuan ang mga aktibong bulkan at kung gaano ka kalapit sa mga ito.
- Pag-aralan ang iyong polisa ng insurance para sa may-ari ng tirahan, at kung kailangan, dagdagan ang iyong antas ng pagkasaklaw (coverage) upang matiyak na ikaw ay may saklaw.
- Kumuha ng tamang proteksyon sa respiratoryo gaya ng mga mask o air scrubber.
- Iwasan ang pagmamaneho sa gitna ng maraming abo. Sasabog ang mga abong mula sa bulkan kung magmamaneho na maaaring magbara sa mga makina at pahintuin ang mga sasakyan.
- Sundin ang mga tagubilin ng mga opisyal sa emerhensya sakaling may aktibidad sa bulkan.



Mga Buhawi (Tornadoes)

Ang mga buhawi ay malakas na umiikot na hanay ng hangin na umaabot mula sa ibaba ng unos hanggang sa lupa. Ang kaganapang pampanahong ito ay may kakayahang wasakin ang mga estruktura at tangayin ang mga bagay sa malalayong distansya na nagreresulta sa kamatayan. Bagaman hindi gaanong malubha sa California kumpara sa mga estado sa Midwest, ang pagkakaroon ng mga buhawi sa buong estado ay nagdudulot pa rin ng banta sa mga tao at ari-arian.

Ang mga buhawi ay maaaring:

- Magtagal ng ilang minuto at maglakbay ng ilang milya.
- Ang mga bilis ng hangin ay maaaring umabot ng hanggang 318 milya kada oras (mph).
 - Sa California, karaniwang nararanasan ang mga buhawi sa pagitan ng 40-72 mph.
- Sirain ang ari-arian at mga estruktura sa pamamagitan ng napakalakas na hangin o epekto sa pamamagitan ng lumilipad na debris.



Ang National Weather Service (NWS) ay nagbibigay ng mga alert at babala tungkol sa mga buhawi sa sumusunod na paraam:

- **Pagsubaybay sa Buhawi (Tornado Watch):** Posibleng magkabuhawi, maging handa.
- **Babala sa Buhawi (Tornado Watch):** Inaasahan ang buhawi, maghanap ng masisilungan!

Mga hakbang na maaari mong gawin upang maging handa sa at mga aksyong aggawin sa panahong may buhawi:

- Mag-sign up para sa mga alert sa panahon at makinig sa [NOAA Weather Radio](#) para sa mga update.
- Lumikha ng plano ng komunikasyon na kinabibilangan ng isang lugar na pagtitipunan sa panahon ng emerhensya.
- Pumili ng ligtas na silid sa iyong basement, cellar para sa bagyo, o interyor na silid sa pinakamababang baitang na walang mga bintana.
- Huwag kalimutan ang iyong mga alagang hayop!
- Kung nasa trabaho, o nasa labas, humanap ng matibay na masisilungan. Iwasan ang mga shed, pasilidad na imbakan, mobile home, sasakyan, at tolda dahil hindi matatag ang pagkakatayo nito sa lupa at maaaring maiurong o masira ng mga napakalakas na hangin.
- Bumaba at takpan ang iyong ulo, manatiling nakababa hangga't maaari hanggang sa dumaan na ang banta ng buhawi o ligtas nang gumalaw.



Mga Pagkagambala sa Kuryente

Maaaring magkaroon ng mga pagkagambala sa kuryente sa maraming anyo mula sa mga lokal na pagkawala ng kuryente, salit-salit na pagkawala ng kuryente, sa lahat ng county at rehiyon ng estadong walang kuryente. Ang mga ito ay maaaring dulot ng mga likas na sakuna gaya ng sunog, o mga lindol, o dulot ng tao

gaya ng hindi gumaganang linya ng kuryente dahil sa aksidente ng sasakyan. Sa California, maaaring magkaroon ng mga pagkagambala sa kuryente nang mayroon o walang babala depende sa panahon o sakuna.

Ang mga pagkawala ng kuryente ay hindi laging saglit lamang at maaaring magtagal ng ilang araw depende sa kalubhaan ng sakuna o insidente. Ang mga kaganapang gaya ng mga Pagpatay ng Kuryente para sa Kaligtasan ng Publiko ay maaaring magtagal ng ilang araw na nagdudulot ng malaking pagkagambala sa ating pang-araw-araw na pamumuhay.

Ang mga pagkagambala sa kuryente ay maaaring:

- Magresulta sa pagkasira ng pagkain at kontaminasyon ng tubig.
- Gambalain ang komunikasyon at mga serbisyo ng 9-1-1.
- Gambalain ang mga sistema ng transportasyon gaya ng mga ilaw na pantrapiko at mga tawiran sa riles ng tren.
- Gambalain ang mga serbisyong medikal, lalo na ang mga umaasa sa kuryenteng magpapaandar ng espesyal na kagamitang medikal.
- Isara ang mga negosyong retail, tindahan ng grocery, istasyon ng gasolina, ATM, bangko, at iba pang mga serbisyo.



Mga hakbang na maaari mong gawin upang maging handa sa mga pagkawala ng kuryente:

- Mag-sign up para sa mga alert mula sa iyong lokal na tagapagkaloob ng utilidad ng kuryente.
- Panatilihin puno naka-charge ang mga mobile phone at iba pang kagamitang de-kuryente at puno ang tangke ng gasolina.
- Isalang-alang ang pagbili ng generator para magbigay ng pang-back up na kuryente sa iyong sambahayan at panatilihin ang generator sa labas at malayo sa mga bintana.
- Huwag gamitin ang kalan na may gas para painitin ang iyong bahay.
- Panatilihin nakasara ang mga refrigerator at freezer.
- Maghanap ng mga sentrong pangkomunidad (community center) o mga lokasyong maaaring mayroong kuryente kung napakainit o napakalamig.
- Tingnan kung mayroong mga kapitbahay at kamag-anak na maaaring bulnerable sa labis na temperatura sa panahon ng pagkagambala ng kuryente.
- Kung tumatanggap ka ng mga serbisyo mula sa isang tanggapan para sa independiyenteng pamumuhay (independent living center), makipag-ugnay sa iyong provider at magtanong ng tungkol sa kanilang kakayahang tulungan ka sa mga pang-back up na baterya/charger, refill ng tangke ng oxygen para sa bahay, o iba pang mga serbisyong maaari nilang ibigay.

Iba pang mga Panganib

Ang iba pang mga uri ng mga panganib ay maaaring kumakalat/nakakahawang sakit o mga paglabas ng mapanganib na kemikal o radyasyon. Ang sinuman sa mga ito ay maaaring lubhang makaapekto sa pampublikong kalusugan at magresulta sa utos ng **Paglikas o Pananatili sa Masisilungan**. Ang bawat isa sa mga ito ay nagdudulot ng panganib sa kalusugan ng publiko at maaaring mangailangan ng ibang mga pagtugon mula sa mga opisyal ng pamamahala sa emerhensya, ahensya ng tagapagpatupad ng batas, at bumbero at mga tauhan sa pagliligtas.

Ang mga kumakalat/nakakahawang sakit ay maaaring:

- Magresulta sa mga pangmatagalang utos ng **Pananatili sa Bahay**.
- Lubhang makaapekto sa mga tagapagkaloob ng medikal/pangangalagang pangkalusugan.
- Bawasan ang kalidad ng mga serbisyong pangkomersyo at pampubliko/pampamahalaan.
- Ilagay ang mga pinakabulnerableng populasyon sa malulubhang panganib sa kalusugan.

Mga hakbang na maaari mong gawin upang maging handa sa mga kumakalat na nakakahawang sakit:

- Sundin ang mga patnubay sa pampublikong kalusugan na inilabas ng iyong tanggapan ng pampublikong kalusugan ng county/lungsod.
- Hugasan ang iyong mga kamay at linisin ang mga ibabaw.
- Magsuot ng pumuprotektang kagamitan upang mabawasan ang panganib.
- Ugaliin ang pakikipagdistansya sa mga tao at iwasan ang malalaking pagtitipon.

Ang mga mapanganib na inilalabas na kemikal at radyasyon (hazardous chemical or radiological releases) ay maaaring:

- Magdulot ng mga utos ng **Paglikas o Pananatili sa Sinisilungan**.
- Magdulot ng malulubhang epekto sa pampublikong kalusugan na magresulta sa malulubhang pinsala o kamatayan.
- Magdulot ng malulubhang epekto sa kapaligiran na magresulta sa quarantine o mga sona ng dekontaminasyon na pipigil sa mga residente at may-ari ng ari-arian na bumalik sa kanilang mga tirahan ng mas mahabang panahon.
- Gambalain ang mga kritikal na linya ng utilidad gaya ng kuryente at tubig.

Mga hakbang na maaari mong gawin upang maging handa sa mga inilalabas na kemikal (chemical) o radyasyon (radiological release):

- Lumikas kung inutusang gawin ito, ito ay nagpapahintulot sa mga taga-respond sa emerhensya na pasukin ang lugar nang walang hadlang, linawin ang mga daan, at tulungang mapanatili kang ligtas.
- Manatili sa Sinisilungan kung inutusang gawin ito. Kung kailangan ang pagseselyado, selyaduhan ang mga pinto, bintana, at daluyan ng hangin (vent), at patayin ang anumang mga sistema ng bentilasyon sa iyong tirahan o negosyo.
- Patayin ang mga utilidad ng kuryente at gas kung kailangan.

Mga Supply

Ang iyong listahan ng mga supply na pang-emerhensya ay maaaring magdepende sa sakuna. Mayroon kaming kumpletong listahan ng mga karaniwang bagay na dapat mayroon ka ikaw man ay **Nananatili sa Sinisilungan** o **Lumilikas**.



Mga Pangunahing Supply:

- Tubig – hindi bababa sa isang galon ng tubig kada tao kada araw, ng hindi bababa sa tatlong araw para inumin at ipanlinis.
- Pagkain – hindi bababa sa 3-araw na supply ng hindi masisirang pagkain at manwal na abre-lata
 - Infant formula (gatas para sa sanggol), mga lampin, at mga supply na pampabuti ng pakiramdam
 - Pagkain sa alagang hayop at ekstrang tubig para sa iyong (mga) alagang hayop
- Inireresetang gamot at salamin sa mata, mga kopya ng inireresetang gamot
 - Bakuna at mga rekord ng allergy
- Radyong de-baterya at hand-crank radio at isang Radyo para sa Panahon (Weather Radio) ng National Oceanic and Atmospheric Administration (NOAA) na may Tonong Nag-aanunsyo (Tone Alert)
- (Mga) cell phone na may charger at pang-backup na baterya
- (Mga) flashlight
- (Mga) ekstrang baterya
- Mga First Aid Kit
- Mga produkto sa personal na kalinisan/Moist towelette, lalagyan ng basura at mga pantali sa plastik para sa personal na kalinisan
- Pito (whistle) para humudyat ng tulong
- Liyabe o pliers para i-off ang mga utilidad
- Mga Lokal na Mapa
- Mahahalagang dokumento ng pamilya gaya ng mga litrato mo o ng mga miyembro ng iyong pamilya kamakailan sa kaso ng pagkakahiwalay, mga kopya ng pagkakakilanlan, impormasyon sa pananalapi at insurance, mga kopya ng mga listahan ng kontak, at anumang iba pang mahahalagang rekord. Ang mga ito ay dapat itabi sa isang lalagyang hindi napapasukan ng tubig, madadala o i-save sa isang thumb o external hard drive. Dapat mo ring i-save ang mga ito sa iyong personal na device o cellphone.
- Pera para sa mga layuning pang-emerhensya dahil maaaring hindi gumana ang mga sistema ng elektronikong pagbabayad
- Mga sleeping bag at/o kumot para sa bawat tao

Mga Magagamit na Mapagkukunan

Estado ng California

CAL FIRE – <https://www.fire.ca.gov/>

CAL FIRE's Ready for Wildfire – <https://www.readyforwildfire.org/> Cal OES

- MyHazards – <http://myhazards.caloes.ca.gov/>
- Mga Ambassador sa Kahandaan – <http://www.caloes.ca.gov/preparednessambassadors>
- Mga Wireless na Alert na Pang-emerhensya – <http://calalerts.org/signup.html>

California Department of Public Health (CDPH), Tanggapan sa Kahandaan sa Panahon ng Emerhensya (Emergency Preparedness Office) – <https://www.cdph.ca.gov/Programs/EPO/Pages/Program-Landing1.aspx>

California Department of Water Resources (DWR), Kahandaan sa Baha (Flood Preparedness) – <https://water.ca.gov/What-We-Do/Flood-Preparedness>

California Geological Survey – <https://www.conservation.ca.gov/cgs>

California Governor's Office of Emergency Services (Cal OES) – www.caloes.ca.gov

California Health and Human Services Agency (CHHS) - Mga Pagpatay ng Kuryente para sa Pampublikong Kaligtasan – Gabay sa Mapagkukunan (Public Safety Power Shutoffs – Resource Guide) – <https://www.chhs.ca.gov/blog/2019/10/25/public-safety-power-shutoffs-resource-guide/>

California Public Utilities Commission: Kaligtasan sa Wildfire (Wildfire Safety) – <https://www.cpuc.ca.gov/wildfiresinfo/>

CDPH Access mga Pangangailangan sa pagganap – https://www.cdph.ca.gov/Programs/EPO/Pages/bp_access_functional_needs.aspx

MyShake™ Earthquake Early Warning App – <https://earthquake.ca.gov/mobile-application/>

Federal

California Volcano Observatory (CalVO) – <https://volcanoes.usgs.gov/observatories/calvo/>

Federal Emergency Management Agency (FEMA) Impormasyon sa Panganib (Hazard Information Sheets) – <https://www.fema.gov/media-library/resources-documents/collections/618>

National Oceanic and Atmospheric Administration (NOAA) – <https://oceanservice.noaa.gov/facts/tsunami.html>

National Weather Service (NWS) – <https://www.weather.gov/>

Ready.gov: Magplano ng Maaga para sa mga Sakuna (Plan Ahead for Disasters) – <https://www.ready.gov>

- Emergency Financial First Aid Kit (EFFAK) – https://www.ready.gov/sites/default/files/2020-03/ready_emergency-financial-first-aid-toolkit.pdf

United States Geological Survey (USGS) Mga Programa sa Likas na Panganib (Natural Hazard Programs) – <https://www.usgs.gov/mission-areas/natural-hazards/programs>

Iba pa

American Red Cross – <https://www.redcross.org>

California Fire Safe Council: Impormasyon sa Kaligtasan sa Sunog para sa mga Residente (Fire Safety Information for Residents) – <https://cafiresafecouncil.org/resources/fire-safety-information-for-residents/>

Earthquake Country Alliance – <https://www.earthquakecountry.org/>

Great ShakeOut Earthquake Drills – <https://www.shakeout.org>

Listos California – <https://www.listoscalifornia.org/>

- COVID-19 Tips for people with Intellectual and Developmental Disabilities – http://www.listoscalifornia.org/wp-content/uploads/508_LIS_027_050520_IDD_tips_dAf.pdf
- COVID-19 Tips for Caregivers of people with Intellectual and Developmental Disabilities – http://www.listoscalifornia.org/wp-content/uploads/508_LIS_028_052020_IDD_tips_caregivers_dAf.pdf
- Health Profile – http://www.listoscalifornia.org/wp-content/uploads/508_LIS_026_050520_IDD_health_profile_dAf.pdf

National Fire Protection Association (NFPA) – <https://www.nfpa.org/Public-Education/Fire-causes-and-risks/Wildfire/Wildfire-safety-tips>

Pacific ADA Center – <https://www.adapacific.org/>

Public Safety Power Shutoff – <https://prepareforpowerdown.com/>

The Tsunami Zone – <https://www.tsunamizone.org/>

Pagkilala

Ang gabay na ito ay isang karagdagan sa Programa ng mga Ambassador para sa Kahandaan (Preparedness Ambassadors Program), isang kurikulum sa Kahandaan sa Likas na Sakuna (Natural Disaster Preparedness) para sa mga Mag-aaral sa Ikaapat na Baitang ng California. Para sa higit pang impormasyon sa Programa ng mga Ambassador para sa Kahandaan (Preparedness Ambassadors Program), bumisita sa www.caloes.ca.gov/preparednessambassadors.



Programa ng mga Ambassador para sa Kahandaan (Preparedness Ambassadors Program)

Para sa mga estudyanteng nakikibahagi sa Programa ng mga Ambassador para sa Kahandaan (Preparedness Ambassadors Program), mangyaring gupitin o pilasin ang **Tiket sa Pagkumpleto ng Takdang Aralin (Homework Completion Ticket)** na ito ay ipapirma sa iyong magulang/tagapag-alaga sa ibaba na kinikilala ang pagtanggap ng gabay na ito.

Pangalan ng Estudyante at Klase

Pirma ng Magulang/Tagapag-alaga at Petsa